MAAGANG PAGPAPLANO

TAGALOG

Ang maagang pagpaplano ay mas makakadali para sa mga taong may dimensia, kanilang pamilya at taga-alaga sa pag-aayos ng mga bagay tungkol sa pananalapi at batas. Itong Help Sheet (Tulong na Pilyego) ay tinatalakay ang mga paraan sa pagpapauna ng plano at naglilista ng mga tao at samahang makakatulong.

Iba-iba ang epekto ng dimensia sa mga tao. Ang isang tao ay maaaring magsimulang mawalan ng kakayahang humawak ng salapi o gumawa ng mga tamang desisyon sa negosyo sa umpisa ng sakit, samantalang ang isa pang tao ay matagal mawala ang kakayahang ito.

Gayon pa man, sa malao't madali ang kanilang kakayahan ay hihina at ang taong may dimensia ay hindi na makakagawa ng sariling desisyon tungkol sa kanilang mga pananalapi at bagay na legal.

Pagpapauna ng pagpaplano

Ang pagpapauna ng pagpaplano ay makakadali para sa mga pamilya at taga-alaga sa pag-aayos ng pamumuhay ng isang taong may dimensia. Mangyayari rin na ang taong may dimensia ay makakasama sa pagpaplano at matitiyak na ang kanilang mga naisin ay matutupad ayon sa kanilang kagustuhan.

Hangga't maaari, humingi ng payo habang ang taong may dimensia ay nakakasama pa sa mga paguusap at makakapirma pa nang ayon sa batas sa anumang dokumento.

Mga bagay tungkol sa pera

Kung ang deposito sa bangko ay nasa dalawang pangalan, ang kasama ng taong may dimensia ay patuloy na magagamit ito nang walang pagbabago sa kasunduan. Subalit maaring magka-problema kung ang taong may dimensia ay ginagamit ang deposito nang hindi tama o ang deposito ay nasa kanyang pangalan lang. Para maiwasan ang ganitong problema ang taong may dimensia ay maaaring magbigay ng autoridad, habang may kakayahan pa na ayon sa batas, sa isa pang tao para gumamit ng deposito. Mahalagang tandaan na itong autoridad ay mawawalan ng saysay kung ang tao ay wala nang kakayahan ayon sa batas. Kung sila ay ayaw pumayag sa pagbabago ng kasunduan makakatulong na kumonsulta sa manedyer ng bangko para sa isang posibleng solusyon.

Ang pagpapauna ng pagpaplano ay nangangahulugang:

- Mayroong dalawang pirma sa lahat ng dokumento sa pananalapi
- Pakikipag-usap sa isang tagapayo sa pananalapi tungkol sa pananalapi sa hinaharap
- Pag-aayos kung paano at kailan makukuha ng taong may dimensia ang kanyang salapi

Sino ang makakatulong?

- Ang manedyer ng bangko
- Tagapayo sa pananalapi na may autoridad
- Abogado
- Alzheimer's Australia

Enduring Power of Attorney (Pamalagiang Karapatan ng Abogado)

Sa karamihan ng mga Estado at Teritoryo ang isang tao ay makakapirma sa isang dokumentong tinatawag na enduring power of attorney kung sila ay may kakayahan ayon sa batas sa oras ng pagpirma. Ang enduring power of attorney ay isang legal na kasunduan para ang taong napili ay mapangalagaan ang pananalapi ng isang tao kung ang taong ito ay wala nang kakayahan. Maraming tao ay may mga enduring power of attorney kahit ano pa ang sakit o diyagnosis.

Mayroon ding ordinaryo o general (pangkalahatang) power of attorney subali't ito ay may bisa lang habang ang tao ay may kakayahan ayon sa batas. Ang enduring power of attorney ay patuloy hanggang sa kamatayan ng tao maliban na lang kung ito ay pinawalang-bisa.

Ang isang kabutihan ng enduring power of attorney ay makakapili ang taong may dimensia ng taong makakakilos para sa kanila sa mga bagay ng pananalapi at batas kapag hindi na nila ito magagawa.

UNDERSTAND ALZHEIMER'S
EDUCATE AUSTRALIA

This help sheet is funded by the Australian Government
under the National Dementia Support Program

Ang pagpapauna ng pagpaplano ay nangangahulugang:

- Nasisiguro na ang taong may dimensia ay may pagkakataong mapag-isipan ang paggawa ng enduring power of attorney kung wala pa sila nito, sa lalong madaling panahon pagkatapos ng diyagnosis at habang may kakayahan pa silang gawin ito.
- Nasisiguro na ang pamilya at mga taga-alaga ay mayroon ding mga sariling enduring power of attorney para matiyak na ang kanilang kabuhayan ay mahusay ang pag-aayos kung sakaling hindi na rin nila makaya ito.
- Magkakaroon ng kopya ng enduring power of attorney at malalaman kung saan ito nakatago.

Sino ang makakatulong?

- Abogado
- Ang Law Society o Institute, o Legal Aid
- Ang Public Advocate o Public Guardian
- Alzheimer's Australia

Mga Testamento

Ang testamento ay ay nagbibigay ng mga tagubilin kung paano ipapamahagi ang ari-arian ng isang taong namatay. Ang testamento ay legal kung naiintindihan ng tao ang mga nasasangkot dito, kaya kung ang taong may dimensia ay gustong gumawa o magbago ng kanilang testamento, gawin nila ito hangang kaya pa nilang pumirma.

Ang pagpapauna ng pagpaplano ay nangangahulugang:

- Mayroong testamento na sunod sa panahon
- Alam kung sino ang magpapatupad at kung saan nakatago ang testamento

Sino ang makakatulong?

- Abogado
- Ang Law Society o Institute, o Legal Aid
- Alzheimer's Australia

Mga desisyon tungkol sa medikal na paggagamot

Kung nawalan ka ng legal na kakayahan para gumawa ng mga desisyon tungkol sa medikal na paggagamot sa iyo kailangang mayroong gagawa ng mga desisyong ito para sa iyo. Sa karamihan ng mga Estado at Teritoryo makakahirang ka ng isang mapapagkatiwalaang gagawa nitong mga desisyon. Kung hindi ka pa nagpauna ng pagpaplano ang batas sa bawat Estado at Teritoryo ay nagpapahintulot sa isang partikular na hukuman na maghirang ng taong gagawa ng mga desisyon para sa iyo. Mayroong dalawang klase ng kasangkapan na makakatulong sa pagpapauna ng pagpaplano para sa mga desisyong tungkol sa medikal na paggagamot.

- Ang enduring power of attorney na sumasaklaw sa mga bagay na pangkalusugan. Tutulutan ka nitong maghirang ng isang taong kapalit mo sa pagde-desisyon para sa mga desisyon sa medikal.
- Ang advance directive (paunang kautusan), isang nakasulat na dokumento na nagpapahayag ng mga kagustuhan mo tungkol sa medikal na paggagamot.

Iba-ibang pangalan ang ginagamit sa ilang Estado at Teritoryo, pero ang mga ginagawa ng mga dokumento ay halos pare-pareho.

Ang pagpapauna ng pagpaplano ay nangangahulugang:

- Nasisigurong ang taong may dimensia ay may pagkakataon para gumawa ng enduring power of attorney na sumasaklaw sa mga bagay pangkalusugan o ng isang advance directive (paunang kautusan).
- Mayroong kopya ng dokumento at alam kung saan ito nakatago

Sino ang makakatulong?

- Abogado
- Ang Law Society o Institute, o Legal Aid
- Ang Public Advocate o Public Guardian
- Alzheimer's Australia

Pangangalaga at Pamamahala

Ang karamihan sa mga Estado at Teritoryo ay may Guardianship Board o Tribunal na makakahirang ng taga-alaga o tagapamahala para sa isang taong hindi na kayang mag-desisyon para sa kanilang sarili. Kung may mga problema sa pag-aayos ng kabuhayan ng taong may dimensia, o mayroong salungatan kung ano ang pinakamabuti para kanya, kailangang pagisipan ang aplikasyon para maghirang ng taga-alaga o tagapamahala.

Ang Alzheimer's Australia ay makokontak para pagusapan kung ang aplikasyon para maghirang ng taga-alaga o tagapamahala ay kailangan, at paano ito gagawin.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang Alzheimer's Australia ay nagbibigay ng suporta, impormasyon, edukasyon at payo. Kumontak sa National Dementia Helpline sa **1800 100 500.**

Para sa karagdagang impormasyon at para makita ang ibang Help Sheets bisitahin ang aming website sa **fightdementia.org.au**

Ang Alzheimer's Australia ang nananagot sa nilalaman nitong Pantulong na Pilyego.

Itong publikasyon ay nagbibigay ng pangkalahatang buod lamang ng mga paksang tinalakay. Ang mga tao ay dapat humingi ng propesyonal na payo tungkol sa kanilang partikular na kaso. Ang Alzheimer's Australia ay hindi nananagot sa anumang pagkakamali o pagkukulang sa publikasyong ito.

© Alzheimer's Australia 2012

Interpreter
131 450

EARLY PLANNING

This Help Sheet discusses ways to plan ahead and organise financial and legal affairs and lists people and organisations that can help.

Dementia affects people differently. One person may begin to lose the ability to handle money or make competent business decisions at an early stage, while another person may keep these skills much longer.

However, sooner or later their abilities will decline and the person with dementia will be unable to make their own decisions about their financial and legal matters.

Planning ahead

Planning ahead can make it easier for families and carers to manage the affairs of a person with dementia. It may also mean that the person with dementia can participate in the planning and make sure that their wishes are carried out in the way that they would like.

Wherever possible, get advice while the person with dementia can still participate in the discussion and is legally competent to sign any documents.

Money matters

If a bank account is in joint names, the partner of the person with dementia can continue to operate it without any change in arrangements. However problems can occur if the person with dementia uses the account inappropriately or has accounts in their name only. To avoid these difficulties the person with dementia can give authority, while legally competent, for another person to operate the account. It is important to remember that this authority will be invalid if the person is no longer legally competent. If they are unwilling to agree to a change of arrangement it may be helpful to consult the bank manager about a possible solution.

Planning ahead means:

- Having joint signatures on all financial accounts
- Discussing future financial affairs with a financial adviser
- Arranging how and when the person with dementia will access their finances

Who can help?

- Bank manager
- Accredited financial adviser
- Solicitor
- Alzheimer's Australia

Enduring Power of Attorney

In most States and Territories a person can sign a document called an enduring power of attorney if they are legally competent at the time of signing. An enduring power of attorney is a legal arrangement that enables a nominated person to look after the financial affairs of another person should they become unable to do so. Many people have enduring powers of attorney regardless of any illness or diagnosis.

An ordinary, or general, power of attorney is also available but is only valid while a person is legally competent. An enduring power of attorney continues until the person's death, unless revoked.

One of the benefits of having an enduring power of attorney is that it allows the person with dementia to choose someone to act on their behalf in legal and financial matters when they are no longer able to do so themselves.

Planning ahead means:

- Ensuring that the person with dementia has the opportunity to consider making an enduring power of attorney if they don't already have one, as soon as possible after diagnosis and whilst they have the capacity to do so
- Ensuring that family and carers also have their own enduring powers of attorney to ensure that their affairs are well managed in case they also become incapable
- Having a copy of the enduring power of attorney, and knowing where it is kept

UNDERSTAND ALZHEIMER'S EDUCATE AUSTRALIA

This help sheet is funded by the Australian Government under the National Dementia Support Program

Who can help?

- Solicitor
- The Law Society or Institute, or Legal Aid
- The Public Advocate or Public Guardian
- Alzheimer's Australia

Wills

A will gives instructions as to how the estate of a deceased person should be distributed.

A will is only legal if the person understands its implications, so it is essential that if the person with dementia wishes to make, or update their will, they do so while they are still competent to sign.

Planning ahead means:

- Having an up-to-date will
- Knowing who the executor is, and where the will is kept

Who can help?

- Solicitor
- The Law Society or Institute, or Legal Aid
- Alzheimer's Australia

Decisions about medical treatment

If a person with dementia loses the legal capacity to make decisions about their medical treatment, someone else needs to make those decisions for them. In most States and Territories a trusted relative or friend can be appointed to make these decisions. If this has not been put in place, the law in every State and Territory allows a particular court to appoint someone to make decisions on behalf of the person with dementia.

Two types of tools are available to help plan ahead for decisions about medical treatment:

- An enduring power of attorney covering health matters. This allows the person with dementia to appoint a person to be a substitute decision-maker for medical decisions
- An advance directive. This is a written document expressing the wishes of the person with dementia about medical treatment

Different names may be used in some States and Territories, but the function of the document is much the same.

Planning ahead means:

- Ensuring the person with dementia has the opportunity to make an enduring power of attorney covering health matters or an advance directive
- Having a copy of the document, and knowing where it is kept

Who can help?

- Solicitor
- The Law Society or Institute, or Legal Aid
- The Public Advocate or Public Guardian
- Alzheimer's Australia

Guardianship and Administration

In most States and Territories there is a Guardianship Board or Tribunal that can appoint a guardian or administrator for a person who is no longer able to make decisions for themselves. If there are problems dealing with the affairs of the person with dementia, or there is conflict about the person's best interests, an application for the appointment of a guardian or administrator may need to be considered.

Alzheimer's Australia can be contacted to discuss whether an application to appoint a guardian or administrator may be needed, and how to go about it.

FURTHER INFORMATION

Alzheimer's Australia offers support, information, education and counselling. Contact the National Dementia Helpline on **1800 100 500**, or visit our website at **fightdementia.org.au**

For language assistance phone the Translating and Interpreting Service on **131 450**

This publication provides a general summary only of the subject matter covered. People should seek professional advice about their specific case. Alzheimer's Australia is not liable for any error or omission in this publication.

© Alzheimer's Australia 2012
Reviewed March 2012